




* Siguraduhing mag-apply ngayong buwan o sa loob ng 15 araw mula sa petsa ng kapanganakan ng iyong anak.

Tandaan na kung mahuli kang magpasa ng iyong aplikasyon, maaaring hindi mo matanggap ang bahagi ng allowance na iyo sanang makukuha kung nagpasa ka nang tamang oras.

[Pangkalahatang-Ideya tungkol sa Childcare Allowance]

● Kuwalipikasyon

Ibinibigay ang childcare allowance sa mga pamilyang nagpapalaki ng batang wala pa sa ikatlong taon ng junior high school (batang hindi pa nadaraan ang unang ika-31 ng Marso matapos ang kaniyang ika-15 kaarawan).



● Halaga ng allowance

Para sa mga batang wala pang 3 taong gulang: 15,000 yen/buwan para sa bawat bata (pare-pareho)

Para sa mga batang 3 taong gulang pataas at hindi pa nagtatapos ng mababang paaralan:

10,000 yen/buwan para sa una at pangalawang anak

15,000 yen/buwan para sa ikatlo at mga susunod pang anak

Para sa mga batang nasa junior high school: 10,000 yen/buwan (pare-pareho)



● Panahon ng pagbibigay ng allowance

Sa ika-7 ng Hunyo, ika-7 ng Oktubre, at ika-7 ng Pebrero, bilang patakaran (Ibibigay sa mga petsang ito ang halaga hanggang para sa nakaraang buwan bago ang bawat nakatakdang buwan na iyong matatanggap ang allowance.)

● Income limit

Bilang ng dependent	Income limit (sampung libong yen)	Tinatayang income (sampung libong yen)
0	622.0	833.3
1	660.0	875.6
2	698.0	917.8
3	736.0	960.0
4	774.0	1002.1
5	812.0	1042.1

* Kahit na mas mataas ang iyong income o kinikita kaysa sa halaga ng income limit na nakasaad sa itaas, maaari ka pa ring makatanggap ng buwanang panustos na 5,000 yen para sa bawat bata.

[Pagsisimula ng pagtanggap ng allowance]

Simula mong matatanggap ang iyong childcare allowance sa susunod na buwan matapos mong ipasa ang iyong aplikasyon.

→ Kung isinilang ang iyong anak o lumipat ang iyong pamilya sa Tsu City sa katapusan ng buwan at hindi ka makapag-apply sa loob ng buwang ito, maaari mo pa ring matanggap ang iyong allowance simula sa susunod na buwan matapos isilang ang iyong anak kahit ito rin ang buwan na naproseso ang iyong aplikasyon. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapasa ng aplikasyon sa loob ng 15 araw mula sa petsa ng kapanganakan ng iyong anak o mula sa nakatakdang araw ng iyong paglipat sa lungsod.



<Ang mga tumatanggap ng childcare allowance ay kinakailangang magpasa ng abiso sa mga sumusunod na pagkakataon>

- Lilipat ka ng tirahan sa labas ng Tsu City
- Nagkaroon ka ng isa pang anak
- Hindi mo na pinapalaki ang bata na siyang dahilan sa iyong pagtanggap ng childcare allowance
- Hindi na ikaw ang pangunahing kumikita sa iyong sambahayan dahil sa pagpapakasal o iba pang dahilan
- Ikaw ay naging empleyado ng gobyerno
- Maninirahan ka nang hiwalay sa iyong anak (pansamantalang nadestino malayo sa tirahan, diborsyo, pagpasok sa isang pasilidad, atbp.)
- Pumanaw ka o ang iyong anak